# Aplikasyon para sa Absentee Ballot ng Estado ng New York (New York State Absentee Ballot Application)

**Pakisuyong magsulat nang malinaw.** Tingnan ang mga detalyadong tagubilin.

*BOARD USE ONLY:*

*Town/City/Ward/Dist:* ______________________

*Registration No:* ______________

*Party:* ______________________

☐ *voted in office*

Para makatanggap ng absentee ballot: Personal - Ang aplikasyon ay dapat na personal na maihatid sa lupon ng halalan ng inyong county na hindi lalampas sa araw bago ang halalan. Sa pamamagitan ng sulat - Ang aplikasyon ay dapat na natanggap sa pamamagitan ng lupon ng halalan ng inyong county na hindi lalampas sa ika 10 araw bago ang halalan.
Ang mismong balota ay dapat personal na maihatid sa lupon ng halalan sa inyong county nang hindi lalampas sa oras ng pagsasara ng botohan sa araw ng halalan, o may tatak ng koreo mula sa isang serbisyong postal ng gobyerno nang hindi lalampas sa araw ng halalan at matanggap nang hindi lalampas sa 7 araw pagkatapos ng halalan.

**1.** **Ako ay taos-pusong humihiling ng absentee ballot dahil sa sumusunod na dahilan (i-tsek ang isang rason):**

- ☐ wala sa county o New York City sa araw ng halalan
- ☐ pansamantalang sakit o pisikal na kapansanan
- ☐ permanenteng sakit o pisikal na kapansanan
- ☐ mga tungkulin na may kinalaman sa pangunahing pangangalaga ng isa o higit pang mga indibidwal na may sakit o pisikal na kapansanan
- ☐ residente ng pasyente ng isang Veterans Health Administration Hospital
- ☐ pagkabilanggo, naghihintay ng paglilitis, naghihintay ng pagkilos ng isang grand jury, o habang nagsisilbi ng parusa para sa isang krimen o paglabag na hindi itinuturing na mabigat na krimen (felony)

**2.** (Mga) absentee balot na hiniling para sa sumusunod na (mga) halalan:

☐ Pangunahing Halalan lamang ☐ Pangkalahatang Halalan lamang ☐ Espesyal na Halalan lamang

☐ Anumang halalan na gaganapin sa pagitan ng mga petsang ito: simula ng pag-absent: ____/____/____ nagtapos ang pag-absent: ____/____/____
BB/AA/TTTT BB/AA/TTTT

**3.**

| Apelyido | Unang pangalan | Gitnang inisyal | Suffix |
|---|---|---|---|
| | | | |

**4.**

| Petsa ng kapanganakan (BB/AA/TTTT) | County kung saan ka nakatira | Numero ng telepono (opsyonal) | Email (opsyonal) |
|---|---|---|---|
| | | | |

**5.**

| Address ng iyong tirahan (residensyal) – kalye | Apt. | Lungsod | Estado | Zip code |
|---|---|---|---|---|
| | | | **NY** | |

**6.** Paghahatid ng Balota ng Pangunahing Halalan (mag-tsek ng isa)

☐ Ihatid sa akin nang personal sa lupon ng halalan

☐ Pinahihintulutan ko si (magbigay ng pangalan): ______________________ na kunin ang aking balota sa lupon ng halalan.

☐ Ipadala ang balota sa akin sa: (address na padadalhan)

______________________________________________________________

Numero ng kalye | Pangalan ng kalye | Apt. | Lungsod | Estado | Zip code

**7.** Paghahatid ng pangkalahatan (o espesyal) na Balotang Panghalalan (mag-check ng isa)

☐ Ihatid sa akin nang personal sa lupon ng halalan

☐ Pinahihintulutan ko si (magbigay ng pangalan): ______________________ na kunin ang aking balota sa lupon ng halalan.

☐ Ipadala ang balota sa akin sa: (address na padadalhan)

______________________________________________________________

Numero ng street. | Pangalan ng street | Apt. | Lungsod | Estado | Zip code

## Dapat Pumirma sa Ibaba Ang Mga Aplikante

**8.** Pinapatunayan ko na ako ay kuwalipikado at reshistradong botante (at miyembro ng partido para sa pangunahing halalan) at na ang impormasyon sa aplikasyong ito ay totoo at tama at na ang aplikasyong ito ay tatanggapin para sa lahat ng layunin bilang katumbas ng isang sinumpaang salaysay, at kung ito ay naglalaman ng anumang mahalagang maling pahayag, ako ay sasailalim sa kaparehong parusa na para bang ako ay nanumpa sa ilalim ng batas.

**Pumirma Rito: X** ______________________________ **Petsa** _____/_____/_____
AA/BB/TTTT

Kung hindi kayang pumirma ng aplikante dahil sa sakit, pisikal na kapansanan, o kawalang kakayahang magbasa, ang sumusunod na pahayag ay dapat na isagawa. Sa pamamagitan ng aking marka, na may sapat na saksi sa ibaba, aking ipinahahayag na hindi ko kayang pirmahan ang aking aplikasyon para sa absentee ballot nang walang tulong dahil ako ay hindi makapagsulat dahil sa karamdaman o pisikal na kapansanan, o dahil hindi ako marunong magbasa. Ako mismo ang gumawa, o may tumulong sa akin sa paggawa, ng aking marka kapalit ng aking pirma. (Hindi pinapayagan ang power of attorney o mga nakaimprentang tatak ng pangalan/ Tingnan ang mga detalyadong tagubilin.)

Petsa ___/___/___ Pangalan ng Botante: ______________________ Marka: ______________
AA/BB/TTTT

Ako, na pumirma sa ibaba, ay nagpapatotoo na ang botanteng nakasaad sa itaas ay naglagay ng kanyang marka sa aplikasyon na ito sa aking harapan, at kilala ko siya bilang ang taong naglagay ng nasabing marka. Nauunawaan ko na ang pahayag na ito ay tatanggapin para sa lahat ng layunin bilang katumbas ng isang sinumpaang salaysay, at kung ito ay naglalaman ng anumang mahalagang maling pahayag, ako ay sasailalim sa kaparehong parusa na para bang ako ay nanumpa sa ilalim ng batas.

______________________________ ______________________________
(Pirma ng saksi sa marka)

______________________________
(address ng saksi sa marka)

**Board Use Only**

## Mga Tagubilin:

**Sino ang puwedeng mag-apply para sa absentee ballot?**
Ang bawat tao ay dapat mag-apply para sa kanilang sarili. Isang mabigat na krimen (felony) ang magbigay ng maling pahayag sa aplikasyon para sa absentee ballot, ang magtangkang bumoto gamit ang ilegal na balota, o ang tumulong sa sinuman na bumoto gamit ang ilegal na balota.

**Impormasyon sa mga botanteng nasa militar at nasa ibang bansa:**
Kung mag-a-apply ka para sa absentee ballot dahil ikaw o ang iyong pamilya ay nasa malitar o dahil ikaw ay nasa ibang bansa, huwag gamitin ang aplikasyong ito. May karapatan ka sa mga espesyal na probisyong legal kung mag-a-apply ka gamit ang Federal Postcard Application (FPCA) sa iyong aplikasyon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagboto ng mga nasa militar/ibang bansa, makipag-ugnayan sa iyong lokal na lupon ng halalan o bisitahin ang seksyon para sa Military at Overseas Voting sa website ng State Board of Elections sa sumusunod na address: https://elections.ny.gov/military-and-overseas-federal-voting

**Saan at kailan ibabalik ang iyong aplikasyon:**
Ang mga aplikasyon para sa absentee ballot na kukunin ng botante o ng kanyang kinatawan ay kailangang isumite nang personal sa tanggapan ng lupon ng halalan ng county nang hindi lalampas sa araw bago ang halalan. Ang lahat ng aplikasyon na ipinadala sa pamamagitan ng sulat, o mga aplikasyon para sa absentee ballot na ipapadala sa botante, ay kailangang matanggap ng lupon ng halalan ng county nang hindi lalampas sa 10 araw bago ang halalan. Kung ang address ng lupon ng halalan ng county ay hindi nakasaad sa form na ito, maaari mong hanapin ang kontak na impormasyon ng iyong lokal na tanggapan ng halalan sa website ng New York State Board of Elections sa sumusunod na address: https://publicreporting.elections.ny.gov/CountyBoardRoster/CountyBoardRoster

**May mga opsyon na available sa iyo kung mayroon kang sakit o kapansanan:**
Kung lalagyan mo ng tsek ang kahon na nagsasaad na ang iyong karamdaman o kapansanan ay permanente, kapag naaprubahan ang iyong aplikasyon, awtomatiko kang padadalhan ng balota para sa bawat halalan kung saan ikaw ay kuwalipikadong bumoto, nang hindi na kailangang muling mag-apply. Maaari mong pirmahan ang aplikasyon para sa absentee ballot nang personal, o maaari kang gumawa ng marka at ipa-saksi ito sa mga nakalaang espasyo sa ibaba ng aplikasyon. Pakitandaan na ang power of attorney o nakaimprentang tatak ng pangalan ay hindi pinahihintulutan para sa anumang layunin ng pagboto.

Ang mga botanteng may print disability—ibig sabihin, anumang kapansanan na nakakasagabal sa epektibong pagbabasa, pagsusulat o paggamit ng mga nakaimprentang materyal—at nangangailangan ng balota na may mga accessible na mga feature ay maaaring mag-apply para sa isang Accessible Ballot sa website ng New York State Board of Elections sa sumusunod na address: https://ballotapplication.elections.ny.gov/home/accessible

**Kailan ipapadala ang iyong balota:**
Ang mga materyales para sa iyong absentee ballot ay ipapadala sa iyo simula 46 na araw bago ang halalan sa pederal, estado, county, lungsod, o bayan kung saan kuwalipikado kang bumoto. Kung nag-apply ka pagkatapos ng petsang ito, ipipadala kaagad ang iyong balota matapos matanggap at maproseso ng iyong lokal na lupon ng halalan ang iyong kumpleto at pirmadong aplikasyon. Kung maglalagay ka ng mga petsa sa Seksyon 2 na nagsasaad ng panahon kung kailan ka wala sa iyong county o sa New York City, padadalhan ka ng balota para sa anumang pangunahin, pangkalahatan, espesyal, o presidential primary na halalan na puwedeng maganap sa loob ng panahong tinukoy mo. Kung gusto mo, maaari kang magtalaga ng ibang tao upang kunin ang balota mo para sa iyo, sa pamamagitan ng pagkumpleto ng kinakailangang impormasyon sa Seksyon 6 at/o Seksyon 7, kung naaangkop. Makipag-ugnayan sa lokal na lupon ng halalan ng iyong county kung hindi mo natanggap ang iyong balota.

**Gaano katagal ang bisa ng aplikasyon mo:**
Maliban kung ipinahiwatig mo na ang iyong karamdaman o kapansanan ay permanente, makatatanggap ka lamang ng absentee ballot para sa partikular na (mga) halalan na tinukoy mo sa aplikasyon, o sa mga petsa ng iyong nakasaad na pagliban, para sa nasabing taon ng kalendaryo. Para sa lahat ng aplikante na hindi permanente, kinakailangang magsumite ng bagong aplikasyon bawat taon.